



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 48 Serye 2020

KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA PAGSASAILALIM SA "GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN" SA "LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE - CRITICAL ZONE", MULA DISYEMBRE 19 HANGGANG DISYEMBRE 27, 2020.

SAPAGKAT, base sa 7.4. of Operational Guidelines on the Application of the Zoning Containment Strategy in the Localization of the National Action Plan, Memorandum na inilabas ng National Task Force Against COVID-19 noong Hunyo 15, 2020, ang mga Punong Bayan ay may kapangyarihan upang matukoy at maideklara ang zoning classification at lockdown depende sa mga naitukoy na pamamaraan o panuntunan;

SAPAGKAT, batay sa Tuntunin 2 ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 30 Serye 2020 may petsang Hulyo 15, 2020, ang isang lugar o barangay ay kailangang pumapaloob sa klasipikasyong Critical Zone (CrZ) kung may clustering of cases at ito ay napatunayan sa **"Pamahalaang Bayan ng Bulakan"** na nagkaroon ng **Labing Siyam (19) na kumpirmadong kaso ng COVID-19 at apat (4) na probable cases** base sa Ulat ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan;

11 kaso	- Tanggapan ng Punong Bayan
3 kaso	- Tanggapan ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan
2 kaso	- Tanggapan ng Pagpapalano at Pagpapaunlad
2 kaso	- Tanggapan ng Ingat-Yaman
1 kaso	- Tanggapan ng Pagtugon sa Sakuna
1 kaso	- Tanggapan ng Tagatuos
1 kaso	- Tanggapan ng Sangguniang Bayan
1 kaso	- Tanggapan ng Agrikultura
1 kaso	- Guwardiya ng Pamahalaan

SAPAGKAT, batay sa mga panuntunan, ang apat na zoning classifications, Critical Zone, Containment Zone, Buffer Zone at Areas Outside Buffer Zone ay kailangang ikonsidera ng pamahalaan para sa agaran at mas epektibong pagtugon sa pagpigil sa pagkalat ng COVID 19;

KUNG KAYA, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bulakan, Bulacan, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin ng Batas, ay nagtatakda ng mga sumusunod na Kautusan:

TUNTUNIN 1. DEKLARASYON NG LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (LECQ) - CRITICAL ZONE. Isinasailalim sa Localized Enhanced Community Quarantine (LECQ) bilang Critical Zone (CrZ) ang **GUSALI ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan** upang mapigilan ang pagdami ng magkakasakit ng COVID-19 sa lugar na ito.

TUNTUNIN 2. PAGTATALAGA NG PAGPALOOB SA LOCALIZED COMMUNITY QUARANTINE (LCQ). Ang sumusunod na lugar ay isasailalim sa Localized Community Quarantine (LECQ):

BARANGAY	Operational Framework for LECQ Transition Legend	IATF LGU Bulakan Classification Modified General Community Quarantine (MGCQ)
Gusali ng Pamahalaang Bayan Camino Real, Brgy. San Jose	Critical Zone (CrZ) <i>Extremely Restrictive Perimeter Control</i>	ECQ
Barangay SAN JOSE Barangay BAGUMBAYAN MALUSAK, DOÑA JUANITA and SADSARAN of Brgy. STA. ANA <i>Adjacent to CrZ</i>	Containment Zone (CZ) <i>Stringent Perimeter Control</i>	MECQ
P1, 2 & 3 of Brgy. BAMBANG Rest of Brgy. STA. ANA Brgy. MAYSANTOL Brgy. MATUNGAO Brgy. TIBIG <i>Adjacent to CZ</i>	Buffer Zone (BZ)	GCQ

TUNTUNIN 3. PANUNTUNAN SA CRITICAL ZONE (CrZ). Sa pagdeklara ng bahaging nasa critical zone, sa **Gusali ng Pamahalaang Bayan** ay marapat isagawa ang mga sumusunod:

- 3.1. Isaayos ng Control-Point sa nasasakop na lugar sa loob ng 24 oras (paglalagay ng mga pananda sa sakop ng LECQ).
- 3.2. Isagawa ang Investigation and Contact Tracing sa mga apektadong kawani sa loob ng 24 oras.
- 3.3. Ipatupad ang mandatory quarantine/isolation and testing/treatment sa positibo at taong nakasalamuha ng nagpositibo sa COVID-19.
- 3.4. Magsagawa ng disinfection activity sa nasasakop na lugar.
- 3.5. Pagpapaabot ng ayuda sa nagpositibo sa COVID-19.
- 3.6. Pag-isyu ng bagong market pass sa pamilyang nasa CrZ.
- 3.7. **Pagpigil sa pagkalat at pagkakaroon ng bagong kaso ng COVID-19 sa mga kawani ng Pamahalaang Bayan**, sa panahon ng deklarasyong ng LECQ/Lockdown:
 1. Manatili sa loob ng bahay. Limitahan ang paglabas ng tahanan.

2. Pagbabawal sa pagdalo sa mga kasayahan at mga inuman.
3. Iwasan ang pagpunta sa "enclose" na lugar tulad ng mga mall, supermarket, wet markets at iba pa.
4. Sundin ang **public health standards** kagaya ng pagsuot ng face mask at Face Shield, pagpapanatili ng physical distancing, at palagiang paghuhugas ng kamay o pag-alkohol.
5. Sa mga nasa "Essential Offices", (RHU, TMO & MDRMO), gumamit ng sariling ballpen at iba pang gamit pang opisina, gayundin, magdala at gamitin ang sariling gamit sa pagkain.

TUNTUNIN 4. PANGKALAHATANG PANUNTUNAN PARA SA LOCALIZED COMMUNITY QUARANTINE BASE SA ZONING CLASSIFICATION. Ang sumusunod na panuntunan ang gagamitin base sa zoning classifications, para sa Critical Zone, Containment Zone at Buffer Zone.

Partikular	LECQ	MECQ	GCQ
PATUNGKOL SA PAGLABAS NG TAHANAN: Essential Workers / Frontliners/ APOR	PWEDE	PWEDE	PWEDE
Non-essential Workers	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE
May edad 15 pababa at 65 pataas <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
Mayroong IMMUNODEFICIENCY, COMMORBIDITY at iba pang kondisyong pangkalusugan <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
Mga buntis <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
WORK IN GOVERNMENT OFFICES	SKELETAL	SKELETAL	FULL OPERATIONAL
FACE-TO-FACE CLASSES	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
PAMIMILI: MARKET QUARANTINE PASS (1 Every Household) • RED Lunes-Miyerkules-Biyernes /5:00AM-5:00PM • WHITE Martes-Huwebes-Sabado /5:00AM-5:00PM	GAGAMITIN	GAGAMITIN	GAGAMITIN
TINDAHAN Sabay sa Market Day ng Barangay	BUKAS 5:00AM-3:00PM	BUKAS 5:00AM-3:00PM	BUKAS 5:00AM-8:00PM
MARKET DISINFECTION DAY	Linggo 1:00PM-5:00PM	Linggo 1:00PM-5:00PM	Linggo 1:00PM-5:00PM
ALLOWED ACTIVITIES & BUSINESS:	Refer to CATEGORY I, II, III & IV of Community Quarantine EOs and DTI Issuances		

Internet and Computer Shops	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
Tourism Destination/hotels/resorts/Kids Amusements/Other Personal Care/Pet Grooming/Entertainment Industries/Other Educational Support establishments/ Gym/Fitness Studios	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
TRANSPORTASYON: Traysikel	DI-PWEDE	DI-PWEDE Modified/1- Sakay	PWEDE Modified/1- Sakay
JEEP/BUS Modified/50% Sakay	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
MOTORCYCLE Modified/with Angkas	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
PRIBADONG SASAKYAN (motor, jeep, kotse, van at iba pang kahalintulad nito) <i>*Pagbili ng essentials</i> <i>*Emergency case</i> <i>*Delivery Services of essentials</i> <i>*Sakay ang Essential Workers/ Frontliners/ APOR</i>	PWEDE	PWEDE	PWEDE
CURFEW	8:00PM-5:00AM	8:00PM-5:00AM	8:00PM-5:00AM
LIQUOR BAN <i>Refer to EQ No. 28</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE 12:00nn-3:00pm
MASS GATHERINGS	DI-PWEDE	PWEDE 5 – persons	PWEDE 10% capacity of venue
BOARDERS CONTROL CHECK POINTS	PNP-BRGY	PNP-BRGY	PNP-BRGY
CONSTRUCTIONS: Public/Government Projects	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
Private Construction <i>*Refer to DPWH & Engineering Office guidelines</i>	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
FUNERAL WAKES: PROBABLE & COVID POSITIVE	CREMATION W/IN 12 HOURS	CREMATION W/IN 12 HOURS	CREMATION W/IN 12 HOURS
NON-COVID	CREMATION W/IN 12 HOURS	W/IN 2 DAYS	W/IN 3 DAYS
TRAVEL PASS/TRAVEL AUTHORITY	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA

TUNTUNIN 5. LGU ASSISTANCE. Sa panahon ng LECQ, ang mga kinakailangang tulong ay maaaring isasagawa ng pamahalaan katulong ang Barangay:

- 5.1. Pagbibigay ng agarang ayuda para sa residenteng sumasailalim sa quarantine buhat sa pinagsamang resources ng Pamahalaang Bayan at Barangay.
- 5.2. Pagtatalaga ng mga masasakyan upang magamit ng mga residente kung may dagliang pangangailangan at kailangang lumabas ng tahanan. Maaari lamang makipag-ugnayan sa barangay at munisipyo sa pamamagitan ng kanilang mga hotlines.


TUNTUNIN 6. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 7. LUPONG TAGAPAGPAGANAP. Inaatasan ang mga Punong Barangay, Himpilan ng Pulisya, Pambayang Tanggapan ng Kalusugan katuwang ang Municipal Inter-Agency Task Force on COVID-19 para sa maayos ng pagpapatupad ng nilalaman ng Kautsang ito.

TUNTUNIN 8. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic;

TUNTUNIN 9. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-18 ng Disyembre, 2020 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan